# *Ang Mga Tungkulin ng Saserdote Yugto 2*
# *Paghahanda Para sa Isang MakaDios na Pag-aasawa*

***"5 Kayo'y mangagtayo ng mga bahay, at inyong tahanan; at kayo'y maghalamanan, at kanin ninyo ang bunga ng mga yaon. Magsipagasawa kayo, at kayo'y mangagkaanak ng mga lalake at mga babae; at ikuha ninyo ng mga asawa ang inyong mga anak na lalake, at inyong ibigay na asawa ang inyong mga anak na babae, upang sila'y mangagkaanak ng mga lalake at mga babae: at kayo'y magsidami roon, at huwag kayong magpakaunti." (Jeremiah 29:5-6 KJV)***

Ang Dios ay tinawag tayo upang pangalagaan ang mga pamilya at ipakita ang mga katunayan ng biblikal at totoong pundasyon para sa isang makaDios na pag-aasawa upang bumuo ng mga magulang bilang makaharing mga pari, na tinawag upang palakihin ng makaDios na mga supling na magdadala ng katotohanan ng Salita ng Dios sa susunod na henerasyon ng pagsaserdote. Sa pangkalahatan, ang paghahanda sa pag-aasawa ay nag-iiba iba depende sa lugar, mula sa bawat panahon at sa kultura. Ngunit ang Salita ng Diyos ay malinaw na naglalaman ng tamang mga simulain ng paghahanda sa isang makaDios na pag-aasawa, o pag-aasawang isinasakatuparan ayon sa plano, paghahanda at pagsang-ayon ng Dios.

Ang buhay ng pamilya, kung paano ang mag-asawa ay manungkulan bilang mga magulang ay isang mahalagang aspeto na dapat tutukan ng simbahan. Sa ngayon, ang mga bagay-bagay sa pamilya ay pinananatiling pribado o itinataas sa simbahan. Maraming simbahan ang nagpapabaya o tahimik hinggil sa pagpapanatili ng kabanalan sa kasal at mga bagay ng pamilya. Sa katunayan, ang isang simbahan na nakikibahagi sa maraming mga pagtitipon, gawain, at programa sa lipunan ay hindi talaga isang malusog o lumalagong simbahan. Ito ay sa halip isang simbahan na unti-unting namamatay dahil hindi napapanatili ang mga sambahayan ng mga pari. Isaalang-alang natin kung paano napanatili ang pamilya ng pagkapari ng mga Levita hanggang sa pagdating ng ating Kataas-taasang Saserdote, si Panginoong Jesucristo.

Mula sa unang araw hanggang sa ikaanim na araw ng Paglikha, Ang Dios ay may plano at naghanda ng isang pamilya na makipagkaisa Kanya. Sa Halamanan ng Eden, unang inilagay ng Dios ang tao at inihanda siya upang maging may pananagutan bago magtatag ng unang pag-aasawa.

***"8 At naglagay ang PANGINOONG Dios ng isang halamanan sa Eden, sa dakong silanganan: at inilagay niya roon ang taong kaniyang nilalang. 9 At pinatubo ng PANGINOONG Dios sa lupa ang lahat na punong kahoy na nakalulugod sa paningin, at mabubuting kanin; gayon din ang punong kahoy ng buhay sa gitna ng halamanan, at ang punong kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama. 10 At may isang ilog na lumabas sa Eden na dumilig sa halamanan; at mula roo'y nabahagi at nagapat na sanga. 11 Ang pangalan ng una ay Pison: na siyang lumiligid sa buong lupain ng Havilah, na doo'y may ginto; 12 At ang ginto sa lupang yao'y mabuti; mayroon din naman doong bedelio at batong onix. 13 At ang pangalan ng ikalawang ilog ay Gihon; na siyang lumiligid sa buong lupain ng Cush. 14 At ang pangalan ng ikatlong ilog ay Hiddecel, na siyang umaagos sa tapat ng Asiria. At ang ikaapat na ilog ay ang Eufrates. 15 At kinuha ng Panginoong Dios ang lalake at inilagay sa halamanan ng Eden, upang kaniyang alagaan at ingatan. 16 At iniutos ng PANGINOONG Dios sa lalake, na sinabi, Sa lahat ng punong kahoy sa halamanan ay makakakain ka na may kalayaan: 17 Datapuwa't sa kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain; sapagka't sa araw na ikaw ay kumain niyaon ay walang pagsalang mamamatay ka. 18 At sinabi ng PANGINOONG Dios, "Hindi mabuti na ang lalake ay magisa; siya'y ilalalang ko ng isang katulong niya." 19 At nilalang ng PANGINOONG Dios sa lupa ang lahat ng hayop sa parang at ang lahat ng ibon sa himpapawid; at pinagdadala sa lalake upang maalaman kung anong itatawag niya sa mga iyon: at ang bawa't itinawag ng lalake sa bawa't kinapal na may buhay ay yaon ang naging pangalan niyaon. 20 At pinanganlan ng lalake ang lahat ng mga hayop, at ang mga ibon sa himpapawid, at ang bawa't ganid sa parang; datapuwa't sa lalake ay walang nasumpungang maging katulong niya. 21 At hinulugan ng PANGINOONG Dios ng di kawasang himbing ang lalake, at siya'y natulog: at kinuha ang isa sa kaniyang mga tadyang at pinapaghilom ang laman sa dakong yaon: 22 At ang tadyang na kinuha ng PANGINOONG Dios sa lalake ay ginawang isang babae, at ito'y dinala niya sa lalake. 23 At sinabi ng lalake, Ito nga'y buto ng aking mga buto at laman ng aking laman: siya'y tatawaging Babae, sapagka't sa Lalake siya kinuha. 24 Kaya't iiwan ng lalake ang kaniyang ama at ang kaniyang ina, at makikipisan sa kaniyang asawa: at sila'y magiging isang laman. 25 At sila'y kapuwa hubad, ang lalake at ang kaniyang asawa, at sila'y hindi nagkakahiyaan." (Genesis 2:8-25 KJV)***

Inayos ng Dios ang mga sumusunod na bagay bago ang pag-aasawa ng unang tao, na siyang mga bagay ding dapat makita at ihanda ng simbahan bago sang-ayunan o pangasiwaan ang anumang pag-aasawa:

***1. <u>Ang Dios ang nagtatag ng isang maayos na lugar para sa pamumuhay</u>:*** Inilagay ng Dios si Adam sa Halamanan ng Eden, isang maayos na lugar na may mabuting pagpapala at kompletong pasilidad para sa tao

upang mabuhay at tangkilikin ang buhay kasama ang kaniyang asawang babae sa presensiya ng Panginoon. ***"9 At pinatubo ng PANGINOONG Dios sa lupa ang lahat na punong kahoy na nakalulugod sa paningin, at mabubuting kanin; gayon din ang punong kahoy ng buhay sa gitna ng halamanan, at ang punong kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama." (Genesis 2:9 KJV)*** Doon, ang lahat ng mga bagay ay magagamit at ang lugar ay may maayos na kagamitan para sa mabuting pamumuhay bago nilikha ang babae para sa lalaki. Dahil dito, isang maayos at komportableng lugar o tirahan para sa pamilya ay dapat ihanda bago hilingin sa Dios para sa isang kabiyak upang pakasalan, at bago magsagawa ng anumang kasal.

***2. Ang Dios ang nagbibigay ng mapagkukunan:*** Ginawa ng Dios ang mga ilog upang panatilihin ang Halamanan ng Eden para kay Adam at sa kanyang asawang babae upang mabuhay. ***"10 At may isang ilog na lumabas sa Eden na dumilig sa halamanan; at mula roo'y nabahagi at nagapat na sanga. 11 Ang pangalan ng una ay Pison: na siyang lumiligid sa buong lupain ng Havilah, na doo'y may ginto; 12 At ang ginto sa lupang yao'y mabuti; mayroon din naman doong bedelio at batong onix. 13 At ang pangalan ng ikalawang ilog ay Gihon; na siyang lumiligid sa buong lupain ng Cush. 14 At ang pangalan ng ikatlong ilog ay Hiddecel, na siyang umaagos sa tapat ng Asiria. At ang ikaapat na ilog ay ang Eufrates." (Genesis 2:10-14 KJV)*** Bilang inilagay ng Dios ang apat na ilog at ginto na nakalaan malapit sa halamanan, dapat mayroon pang ibang mapagkukunan upang mapanatili ang isang kaaya-aya at maayos na lugar para sa lalaki at asawang babae. Pagkatapos ng kasal, maaaring mayroon silang bahay na matitiharan ngunit kaya ba nilang bayaran ang singil sa tubig at kuryente? Sila ba ay nagtitipid sa pinagkaloob upang mapanatili at suportahan sila sa oras ng pangangailangan?

***3. Ang Dios ang nagbigay ng trabaho at tagubilin:*** Kinuha ng Dios ang lalaki at inilagay siya sa Halamanan ng Eden upang magtrabaho dito at pangalagaan ito. Ang Dios ang nagtakda ng isang trabaho para sa lalaki upang gawin bago sabihin ang tungkol sa anong kanyang kakainin. Sa parehong paraan, dapat ang lalaki ay may isang maayos na trabaho upang mabigyan ng pagkain at mga pangunahing pangangailangan ng kanyang pamilya. Gayunpaman, ang Dios ay nagbigay ng malinaw na kautusan at alintuntunin sa lalaki. ***"15 At kinuha ng PANGINOONG Dios ang lalake at inilagay sa halamanan ng Eden, upang kaniyang alagaan at ingatan. 16 At iniutos ng Panginoong Dios sa lalake, na sinabi, Sa lahat ng punong kahoy sa halamanan ay makakakain ka na may kalayaan: 17 Datapuwa't sa kahoy ng pagkakilala ng mabuti at masama ay huwag kang kakain; sapagka't sa araw na ikaw ay kumain niyaon ay walang pagsalang mamamatay ka." (Genesis 2:15-17 KJV)*** Ang lalaki ay hindi mabubuhay sa tinapay lamang, ngunit sa bawat Salita na nagmumula sa bibig ng Dios. Habang naghahanda para sa isang makaDios na pag-aasawa, ang tamang pag-unawa kung sino ang Dios at kung ano ang hinihiling ng Salita ng Dios ay kailangang ganap na maabot ng lalaki at babae. Ang layunin ng Dios para sa pag-aasawa ay magpalaki ng mga anak na makaDios, at upang ipakita ang pag-ibig ni Cristo para sa simbahan sa pamamagitan ng pag-uuganyan ng magasawa. Dapat pakinggan at sundin ng parehong magasawa ang Salita ng Dios. Dapat silang maging espiritwal na ganap upang ang layunin ng Dios ay matupad sa kanilang pamilya.

***4. Ang Dios ang may panahon sa pagbuo:*** Ang saloobin ng isang makaDios na pamilya ay dapat matupad sa tamang panahon ng Dios. At sinabi ng PANGINOONG Dios**, *"Hindi mabuti na ang lalake ay magisa; siya'y ilalalang ko ng isang katulong niya."*** Sinabi ito ng Dios sa ***Genesis 2:18***, ngunit hindi Niya tinupad ng minsan dahil mayroong pang maraming mga bagay na kinakailangang upang maihanda at maisakatuparan. Walang dapat ipagmadali sa pag-aasawa. Ang Dios ay may tamang panahon sa lahat, at ginagawa ng Dios ang lahat ng bagay na maganda sa Kanyang tamang panahon. Pagmamadali at pag-aapura ay nakakagawa ng gulo, nawawala ang tamang pinili ng Dios.

***5. Ang Dios ang nagbigay ng tungkulin at kapangyarihan sa lalaki:*** Sinubok ng Dios ang kaganapan ng tao, at sinuri Niya kung siya ay isang responsableng tao bago Niya dalhin ang babae sa kanya. ***"19 At nilalang ng PANGINOONG Dios sa lupa ang lahat ng hayop sa parang at ang lahat ng ibon sa himpapawid; at pinagdadala sa lalake upang maalaman kung anong itatawag niya sa mga iyon: at ang bawa't itinawag ng lalake sa bawa't kinapal na may buhay ay yaon ang naging pangalan niyaon. 20 At pinanganlan ng lalake ang lahat ng mga hayop, at ang mga ibon sa himpapawid, at ang bawa't ganid sa parang; datapuwa't sa lalake ay walang nasumpungang maging katulong niya." (Genesis 2:19-20 KJV)*** Inutusan ng Dios ang tao upang pangalanan ang mga hayop, at mga ibon at ginawa niya. Pinatunayan ng tao sa Dios na siya ay ganap na at responsable, kaya naisip ng Dios na bibigyan Niya siya ng asawang babae. Ang asawang lalaki ay ang pangulo ng asawang babae. Kaya bago ang pag-aasawa dapat patunayan na kaya niyang gampanan ang kanyang tungkulin bilang isang asawa at ama sa kanyang makaDios na mga supling. Dapat siya ay maging ganap na sa kaalaman tungkol sa Dios, isang tao na may kapangyarihan at kayang gabayan ang kanyang pamilya upang makamit ang layunin ng Dios.

***6. Ang Dios ang nagbigay ng angkop na makakatulong:*** Upang makakita ng makakatulong ay talagang tila isang malaking pakikibaka para sa isang lalaki. ***"Datapuwa't sa lalake ay walang nasumpungang maging katulong niya." (Genesis 2:20 KJV)*** Ang Dios lamang ang makakapagbigay ng angkop na makakatulong. Kaya

naman ang isang lalaki at babae ay kailangan talagang maghintay sa Dios at maging masidhi sa pananalangin upang ipakita ng Dios ang Kanyang plano para sa makaDios na pag-aasawa. Ang kailangan para sa isang angkop na kapareha ay magiging isang tunay na kailangan kapag ang lalaki o ang babae ay ganap na nakatuon sa pagkamit ng kalooban at panukala ng Dios. At ang Diyos lamang ang kayang makagawa at makapag-ayos ng isang angkop na makakatulong para sa lalaki. ***"21 At hinulugan ng PANGINOONG Dios ng di kawasang himbing ang lalake, at siya'y natulog: at kinuha ang isa sa kaniyang mga tadyang at pinapaghilom ang laman sa dakong yaon: 22 At ang tadyang na kinuha ng PANGINOONG Dios sa lalake ay ginawang isang babae, at ito'y dinala niya sa lalake." (Genesis 2:21-22 KJV)*** Ang babae ay gawa ng Dios upang maging isang angkop na makakatulong. Ang naangkop ay nangangahulugang wasto, karapatdapat, matalino, maayos, tama, husto, tama, nararapat tulad ng dapat. Kaya, ang ***"maging katulong niya"*** ay nagbibigay sa atin ng mas malalim na pagkaunawa sa kahalagahan ng kamay ng Dios sa pagbibigay ng tamang katuwang at perpektong kapareha para sa isang makaDios na pag-aasawa. ***"22 Sinomang lalaking nakakasumpong ng asawa ay nakasumpong ng mabuting bagay, at nagtatamo ng lingap ng PANGINOON." (Kawikaan 18:22)*** Kung ang babae ay mula sa Panginoon sa gayon siya ay naangkop at angkop at magiging isang tunay na tutulong sa lalaki na talagang nangangailangan ng isang angkop na katulong. Ngunit kung siya ay pinili lamang ng lalaki at hindi ng Panginoon siya ay *hindi nababagay*, nangangahulugang hindi makakasundo, magkaaway, magkasalungat, magkalaban, hadlang, hindi tugma, wala sa tono, kasalungat, hindi tugma, hindi angkop, hindi magawang umiral, hindi managumpay, magkakaiba, sa halip ***"maging katulong niya"***. At kung siya lamang ang pinili ng lalaki, makikita niya ang kanyang sarili na hindi nakakatulong, nangangahulugang hindi nakikipagtulungan, salungat, mahirap, nakahahadlang, hindi sumusuporta, hindi handang magbigay ng kamay, hindi naaangkop, hindi magalang, walang silbi, hindi kapaki-pakinabang, hindi mapakinabangan, hindi nakabubuo, hindi praktikal, hindi kinakailangan, isang pasanin, negatibo, masamang epekto, na walang silbi sa lalaki.

***"14 Bahay at mga kayamanan ay minamana sa mga magulang: nguni't ang mabait na asawa ay galing sa PANGINOON." (Kawikaan 19:14 KJV)*** Kung ang babae ay hindi mula sa Panginoon siya ay magdadala ng isa pang saloobin at pananaw, at siya ay kikilos laban o sa kabaligtaran ng direksyon ng lalaki. Siya ay hindi magiging katulong ngunit pinatunayan na maging isang pabigat sa paglilingkod ng pagsaserdote. Kapag ibinigay ng Dios ang babae sa lalaki, siya ay parehong bagay at ang mga ito ay magkatugma at magkasundo. ***"10 Isang mabait na babae sinong makakasumpong? Sapagka't ang kaniyang halaga ay higit pa kay sa mga rubi." (Kawikaan 31:10 KJV)*** Ang asawang babae ay magiging isang angkop na katulong hangga't kinuha siya ng Dios mula sa lalaki. ***"23 Siya'y tatawaging Babae, sapagka't sa Lalake siya kinuha." (Genesis 2:23 KJV)*** Kung gayon, ang babae ay nagiging angkop na katulong para sa lalaki na mangangalaga sa halamanan o sa mga bagay ng Dios.

***7. <u>Ang Dios ang bumuo ng pamilya ng pagkasaserdote</u>:*** Ang pag-aasawa na itinatag sa mga alintuntunin ng Dios ay tatagal sa pagsubok ng panahon at magpapatulo'y magpakailanma'y ng pagkasuno-sunod ng pagkasaserdote na mga hinirang ng Diyos. Ang ganitong makaDios na pag-aasawa ay magiging isang bahay na itinayo sa Bato na siyang si Cristo at ang Kanyang Salita. ***"24 Kaya't ang bawa't dumirinig ng aking mga salitang ito at ginaganap, ay matutulad sa isang taong matalino, na itinayo ang kaniyang bahay sa ibabaw ng bato: 25 At lumagpak ang ulan, at bumaha, at humihip ang mga hangin, at hinampas ang bahay na yaon; at hindi nabagsak: sapagka't natatayo sa ibabaw ng bato. 26 At ang bawa't dumirinig ng aking mga salitang ito at hindi ginaganap, ay matutulad sa isang taong mangmang, na itinayo ang kaniyang bahay sa buhanginan: 27 At lumagpak ang ulan, at bumaha, at humihip ang mga hangin, at hinampas ang bahay na yaon; at nabagsak: at kakilakilabot ang kaniyang pagkabagsak." (Mateo 7:24-27 KJV)***

***Sa aking Mahal at Minamahal:*** Tinutulungan tayo na bumuo ng makaDios na pamilya. Ating panatilihin ang pagkakaroon ng pagkaseserdote sa pamilya ng mga mananampalataya. Napakahalaga ng paghahanda para sa makaDios na pag-aasawa. Ito ay isang dakilang responsibilidad na inilagay sa Simbahan at sa bawat mga magulang na may pagkasaserdote upang ingatan ang mga alintuntunin ng Bibliya sa pagbuo ng mga tahanan at pamilya alinsunod sa plano ng Dios. Ang nabanggit na mga alintuntunin ay dapat isagawa sa pagbuo makasaserdoteng pamilya na matagumpay na magdadala ng Salita ng Katotohanan sa susunod na henerasyon. Ating ihanda ang para sa makaDios na pag-aasawa upang ang biyaya ng Dios ay dumaloy sa ating mga anak at sa ating mga kaapo apohan. ***"9 Dalawa ay maigi kay sa isa; sapagka't sila'y may mabuting kagantihan sa kanilang gawa. 10 Sapagka't kung sila'y mabuwal, ibabangon ng isa ang kaniyang kasama; nguni't sa aba niya, na nagiisa pagka siya'y nabuwal, at walang iba na magbangon sa kaniya." (Mangangaral 4:9-10 KJV)***

Tayo ay manalangin…

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa mga patay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa Iyong Salita na nagturo sa akin ng kahalagahan at paghahanda para sa pag-aasawa na ayon sa kalooban ng Dios na mahalaga upang makapagpalaki ng mga anak na makaDios.*

*Panginoon, salamat sa kaliwanagan at sa lahat ng mga pagtutuwid at mga pangaral na aking natanggap sa mensaheng ito.*

*Lumapit na ngayon sa Dyos at ipahayag ang iyong mga kasalanan. Ipahayag at talikdan ang iyong maling mga prinsipyo sa pagsimula ng mga pag-aasawa na hindi nakabatay sa Salita ng Dios kundi sa makamundong prinsipyo at damdamin. Ipahayag ang iyong kakulangan sa pagkatakot sa Dios at ang iyong hindi kahandaang gawin ang Kanyang kalooban at plano sa iyong buhay. Ipahayag at talikdan ang iyong sariling kalooban at plano at ang iyong katigasan at pagkaantala sa pagsunod. Ipagtapat at talikdan ang iyong kakulangan sa paghahanda para sa makaDios na pag-aasawa, ang iyong maling pamamahala at kakulangan sa pagbabasa ng Salita ng Dios at panalangin, at ang iyong walang kahandaan na maghintay sa pinili ng Dios sa iyong buhay. Ipagtapat at talikdan ang iyong makamundong gawi, ang iyong bawat pasanin at pagsasayang ng oras kasama ang mga hindi mananampalataya at mga kaibigan, at pagkakabihag sa Media, Balita, at mga laro. Ipagtapat at talikdan ang iyong masamang halimbawa at ang iyong hindi kahandaan na paglingkuran ang Dios at gawin ang Kanyang kalooban. Panginoon patawarin mo ako, nagsisisi ako sa mga sumusunod na kasalanan ___________________________.*

*Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili sa mga prinsipyong nakalaan sa banal na kasal, na aking isasabuhay sa aking buhay at sa buhay ng aking pamilya at ministeryo, at upang turuan ang iba ng iyong Salita at iyong kalooban. Panginoon, hinihiling ko sa iyo na patatagin mo ako at patuloy na pagkalooban ako upang patuloy kitang mapaglingkuran, ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon, salamat sa aking mga kapatid na lalaki at babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan, at inialay ang kanilang sarili upang isabuhay ang mga prinsipyong nakalaan sa banal na pag-aasawa. Panginoon, gamitin mo sila upang paglingkuran ka at maabot ang iba sa pamamagitan ng iyong Salita at mga utos. Panginoon, pagpalain mo sila at ang kanilang mga pamilya, mga anak, at ministeryo, at gantimpalaan sila sa kanilang mabubuting halimbawa, at hayaan ang iba na makita si Cristo sa kanilang mga buhay, ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.*

*Panginoon, pagpalain mo kami bilang iyong iglesia habang ipinagkakaloob namin ang aming mga sarili upang turuan ang aming mga pamilya, mga anak, at mga disipulo ng mga prinsipyo ng makaDios na pag-aasawa at ilapat ito sa kanilang buhay at sa buhay ng iyong iglesia. Panginoon, hinihiling namin sa iyo na panatilihin ang lahat ng aming mga miyembro at manggagawa at tugunan ang aming mga pangangailangan upang patuloy ka naming mapagsilbihan. Panginoon, hinihiling namin sa iyo na puspusin mo kami muli ng Banal na Espiritu at ibigay sa amin ang mga espirituwal na kaloob at angkop na talento na aming kailangan, at gabayan mo kami upang ipagpatuloy ang pangangaral, gumawa ng mga bagong disipulo at sanayin ang mga bagong manggagawa upang magtayo ng mas maraming pag-aaral ng Bibliya at kongregasyon para sa simbahan. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng iglesya na 'Pagpaparami sa kapayapaan sa pagpapatupad ng buong kalooban ng Dios.' Panginoon, pagpalain mo kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa iyong kamay at iligtas kami mula sa kapahamakan upang hindi namin maranasan ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus, ang pag-ibig ng Dios, at ang pakikipakaisa ng Banal na Espiritu ay sumaatin lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang mga Tungkulin ng Saserdote Yugto 2. Paghahanda para sa MakaDios na Pag-aasawa. Jeremias29:5-6. Genesis 2:8-25. Mga Kawikaan 18:22. Mga Kawikaan 19:14. Mga Kawikaan 31:10. Genesis 2:23. Mateo 7:24-27. Mangangaral 4:9-10.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com